


Pag-screen para sa kanser sa kolon gamit ang Cologuard®



Ang Cologuard ay nilalayong mag-screen ng mga nasa hustong gulang na may edad na 45 at higit pa na may katamtamang panganib na magkaroon ng kanser sa kolon. Rx lamang.

Mangyaring tingnan ang mahalagang impormasyon sa panganib sa likod ng brochure.

Pangangalaga sa iyong sarili sa pamamagitan ng pag-screen sa kanser sa kolon

Ito ay kadalasang itinuturing bilang pinakamaiwasang, ngunit pinakahindi naiwasang anyo ng kanser¹

Dumadami ito sa mga taong may edad na <50²


Kapag natuklasan sa maaagang yugto, mas nagagamot ito sa 90% ng mga tao^{3*}


Kaya dapat maging bahagi ng iyong mga regular na check-up ng kalusugan ang napapanahong pag-screen

*Batay sa dami ng taong buhay pa rin pagkalipas ng 5-taon na pagkakaligtas o survival.

Nahahanap ng Cologuard ang kanser sa kolon maging sa maaagang yugto^{4,5}

Ang Cologuard ay isang opsiyon para sa pag-screen na walang kinakailangang ipasok sa katawan (noninvasive) na magagawa mo sa privacy ng iyong tahanan. Walang paghahanda, walang kailangang pagliban mula sa trabaho, at walang kailangang pagbabago sa diyeta o gamot.

 Nahahanap ng Cologuard ang **92%** ng mga kanser sa pangkalahatan⁴

 Nahahanap ng Cologuard ang **94%** ng mga kanser sa Yugto I at II⁵

Ang paggana ng Cologuard sa mga nasa hustong gulang na may edad na 45-49 ay tinataya batay sa malaking klinikal na pag-aaral ng mga pasyenteng may edad 50 at higit pa. Sa klinikal na pag-aaral na ito, nakatanggap ang 13% ng mga taong walang kanser ng positibong resulta (hindi totoong positibo) at nakatanggap ang 8% ng mga taong may kanser ng negatibong resulta (hindi totoong negatibo).

Mangyaring tingnan ang mahalagang impormasyon sa panganib sa kabilang panig.

Karamihan ng mga pasyenteng may insurance ay nagbabayad ng \$0*

Ang Cologuard ay saklaw ng Medicare at karamihan ng mga pangunahing tagapagkaloob ng insurance

Sa buong bansa, higit sa 94% ng mga pasyente ng Cologuard ang walang ginagastos mula sa sariling bulsa para sa pag-screen.*

Tantiya ng Exact Sciences batay sa kasaysayan ng paniningil sa pasyente hanggang sa Oktubre 30, 2021. Nag-iiba-iba ang halaga ng saklaw ayon sa estado at rehiyon. Maaaring may ipairal na pagbubukod sa saklaw; tanging ang iyong tagapagkaloob ng insurance ang makakapagkumpirma kung paano masasaklaw ang Cologuard para sa iyo.

Alamin pa tungkol sa insurance sa pamamagitan ng pagbisita sa [Cologuard.com/insurance](https://cologuard.com/insurance)



Makatutulong sa iyo ang aming team ng mga espesyalista sa pakikipag-ugnayan sa iyong tagapagkaloob ng insurance para magtanong ng mga wastong tanong. Tawagan kami sa **1-844-870-8870**



Punitin ang paalala na ito para matulungan kang ibalik ang iyong Cologuard kit at ilagay ito sa puwesto o lugar na madalas mong pinaglalaman ng mga paalala — gaya ng iyong banyo o refrigerator.



Mangyaring ibalik ang iyong kit bago lumipas ang:




Madali akong gamitin!

Cologuard.com/use

Gamit ang camera ng iyong smartphone, mag-hover sa QR code para panoorin ang video sa Kung Paano Gamitin.

Huwag kalimutang ibalik ang iyong Cologuard Collection Kit!

Paano gamitin ang iyong Cologuard kit



- 1 Kapag natanggap mo na ang iyong kit, buksan ito at suriin ang nakalakip na Patient Guide (Gabay sa Pasyente).
- 2 Ilagay ang lalagyan ng iyong sample sa bracket sa inidoro.
- 3 Gamitin ang iyong Cologuard kit para kolektahin ang iyong sample.
- 4 Kayurin ang iyong sample, at ilagay ang lahat ng preservative sa lalagyan ng sample. Dagdag dito, tiyaking punan ang parehong label.
- 5 Gamit ang bayad nang label ng UPS®, ipadala ang kahon pabalik sa Exact Sciences Laboratories sa parehong araw o sa susunod na araw pagkatapos ng pagkolekta. Magpaikedyul ng pag-pick up ng UPS na walang pakikisalamuha (contact-free) sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-844-870-8870 o pagbisita sa Cologuard.com/UPS. At maaaring makatanggap ka rin ng mga nakakatulong na tawag ng paalala mula sa amin para ibalik ang iyong kit.
- 6 Ibigay sa iyo ng nag-utos na provider ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong resulta pagkatapos ng humigit-kumulang 2 linggo pagkatapos matanggap ito sa lab. Upang matuto pa tungkol sa kung anong ibig sabihin ng mga resulta, bumisita sa Cologuard.com/UnderstandingResults

Available ang 24/7 na suporta

Tumawag sa **1-844-870-8870** o makipag-usap sa amin sa pamamagitan ng pagbisita sa Cologuard.com

Ano ang nasa loob ng kit?



Kahon para sa pagpapadala



Likidong preservative



Patient Guide



Bracket



Tube



Lalagyan ng sample



Paano Ibalik ang Iyong Kit



Mga label ng sample

Mga Indikasyon at Mahalagang Impormasyon sa Panganib

Ang Cologuard ay nilalayong mag-screen ng mga nasa hustong gulang na may edad na 45 at higit pa na may katamtamang panganib na magkaroon ng kanser sa kolon sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga partikular na marker ng DNA at dugo sa dumi. Huwag itong gamitin kung nagkaroon ka ng mga adenoma, kung mayroon kang inflammatory bowel disease (sakit sa pamamaga ng bituka) at ilang namamanang syndrome, o kung mayroon kang kasaysayan o mayroong kasaysayan ang pamilya mo ng pagkakaroon ng kanser sa kolon. Ang Cologuard ay hindi isang pamalit para sa colonoscopy sa mga pasyenteng may mataas na panganib na magkasakit. Ang paggana ng Cologuard sa mga nasa hustong gulang na may edad na 45-49 ay tinataya batay sa malaking klinikal na pag-aaral ng mga pasyenteng may edad 50 at higit pa.

Dapat bigyan ng kahulugan ang resulta ng pagsusuri ng Cologuard nang may pag-iingat. Ang positibong resulta ng pagsusuri ay hindi kumukumpirma sa pagkakaroon ng kanser. Dapat i-refer para sa diyagnostikong colonoscopy ang mga pasyenteng may positibong resulta ng pagsusuri. Ang negatibong resulta ng pagsusuri ay hindi kumukumpirma sa kawalan ng kanser. Dapat talakayin ng mga pasyenteng may negatibong resulta ng pagsusuri sa kanilang doktor kung kailan nila kailangang magpasuri muli. Maaaring magkaroon ng mga resultang hindi totoong positibo o hindi totoong negatibo. Sa isang klinikal na pag-aaral, nakatanggap ang 13% ng mga taong walang kanser ng positibong resulta (hindi totoong positibo) at nakatanggap ang 8% ng mga taong may kanser ng negatibong resulta (hindi totoong negatibo). Rx lamang.

MGA SANGGUNIAN:

1. Itzkowitz SH. Incremental advances in excremental cancer detection tests. *J Natl Cancer Inst.* 2009;101(18):1225-1227.
2. Siegel RL, Miller KD, Goding Sauer A, et al. Colorectal cancer statistics, 2020. *CA Cancer J Clin.* 2020;70(3):145-164. doi:10.3322/caac.21601
3. National Cancer Institute. Cancer stat facts: Colorectal cancer. In-access noong Hulyo 16, 2021. <https://seer.cancer.gov/statfacts/html/colorect.html>
4. Imperiale TF, Ransohoff DF, Itzkowitz SH, et al. Multitarget stool DNA testing for colorectal-cancer screening. *N Engl J Med.* 2014;370(14):1287-1297. doi:10.1056/NEJMoa1311194
5. Cologuard® Physician Brochure. Madison, WI: Exact Sciences Corporation.

EXACT SCIENCES

cologuard®
Rx only

EXACT SCIENCES CORPORATION 5505 Endeavor Lane, Madison, WI 53719
ExactSciences.com | ExactLabs.com | 1-844-870-8870

Ang Cologuard ay isang rehistradong trademark ng Exact Sciences Corporation. Ang lahat ng ibang trademark ay pag-aari ng kanilang mga naaangkop na may-ari. ©2021 Exact Sciences Corporation. Nakalaan ang lahat ng karapatan. US.CG.2859-5 Agosto 2021